NEW JERSEY ECONOMIC DEVELOPMENT AUTHORITY (AWTORIDAD SA PAGPAPAUNLAD NG EKONOMIYA NG NEW JERSEY)
Abiso sa Pagkakaroon ng Pagpopondo
State Small Business Credit Initiative ("SSBCI", Inisyatiba ng Estado para sa Kredito sa Maliit na Negosyo)
Aplikasyon para sa New Jersey Clean Energy Loans ("Mga NJ CEL", Mga Loan para sa Malinis na Enerhiya ng New Jersey)

Sisimulan ng New Jersey Economic Development Authority ("NJEDA" [Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey] o "Awtoridad") ang pagtanggap ng mga aplikasyon para sa programang New Jersey Clean Energy Loans ("Mga NJ CEL") sa **Miyerkules, Abril 19, 2023** sa ganap na **10:00AM EST**. Patuloy na tatanggap ng mga aplikasyon. Maa-access ang aplikasyon sa https://www.njeda.com/njcels/. Kailangang magbayad ng hindi maire-refund na singil na $1,000 sa panahon ng aplikasyon.

Layunin

Layunin ng mga NJ CEL ang magbukas ng daan para sa maliliit na negosyo at start up na naghahanap ng pagpipinansya para sa mga proyektong malinis na enerhiya, at upang pabilisin ang pagpapalabas ng malinis na enerhiya sa New Jersey ("NJ").

Pangkalahatang Pananaw

Ang mga NJ CEL ay programang kasamang nagpapautang na naghahandog ng mga term loan sa maliliit na negosyong naghahanap ng magpipinansya ng mga karapat-dapat na proyekto para sa malinis na enerhiya sa NJ. Ginagamit ng mga NJ CEL ang $80 milyon ng mga inilaang pondo ng NJ mula sa SSBCI ng U.S. Department of Treasury (Kagawaran ng Pananalapi ng Estados Unidos). Direktang sisimulan ng Authority ang mga kasamang loan sa mga humihiram kasabay ng isa o higit pang mga pinansyal na institusyon, o kaya ay bibili ng pakikibahagi sa mga loan na pinaaabot ng mga pinansyal na institusyon sa mga humihiram. Sa lahat ng kaso, pipinansyahan lamang ng NJEDA ang hanggang 50% ng kabuuang halaga ng loan na hiniling para sa proyekto para sa malinisia na enerhiya.

Mga Detalye Hinggil sa Programa

Ang mga loan ng NJEDA ay magiging sa pagitan ng $250,000 at $10 milyon, para sa mga

proyektong may kabuuang pangunahing halagang $500,000 hanggang $20 milyon.

Kabilang sa mga karapat-dapat na proyekto para sa malinis na enerhiya para sa NJ CEL ang, ngunit hindi limitado sa, mga may kinalaman sa pagpapaunlad, komersyalisasyon, pagmamanupaktura ng mga produkto at serbisyo, at pagpapatupad ng mga teknolohiyang sumusuporta sa paglikha ng renewable na enerhiya at pamamahagi ng mga mapagkukunan ng enerhiya, pagsasamoderno ng grid, kahusayan ng enerhiya at pagpapatayo ng mga gusaling hindi maglalabas ng karbon, at gagawing de-kuryente ang sistema ng transportasyon.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga teknolohiya ng malinis na enerhiya ang solar power, wind sa lupa at karagatan, pag-iimbak ng de-kuryenteng baterya, pag-iimbak na nakabase sa fuel cell, mga teknolohiyang kumukuha ng karbon, mga teknolohiyang pinapalitan ang hindi nasusunog na basura upang maging enerhiya, mga materyal na bumabawas sa karbon, nuklear na enerhiya, mga heat pump at geothermal, run of river na hydroelectric, at iba pang mga makabagong teknolohiya at proseso sa pagre-recycle. Kabilang din sa listahang ito ang mga kompanyang nagmamanupaktura ng mga natapos o pansamantalang makabagong teknolohiya o mga bahagi nito.

Hindi kasama sa listahang ito ang mga utilidad sa pamamahagi o paglipat, kombensyonal na operasyon sa landfill, mga proyekto ng pagpapalit ng nasusunog na basura upang maging enerhiya, at mga proyektong natural gas.

Pagiging Karapat-dapat

Upang maging karapat-dapat para sa mga NJ CEL, ang aplikante ay kinakailangang:

- Matugunan ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa programa, gaya ng inilalarawan sa ibaba, at
- Magka-score ng hindi bababa sa 50 sa 100 puntos sa mga pamantayan sa pag-score.

Upang maging karapat-dapat para sa mga NJ CEL, ang aplikanteng organisasyon ay kinakailangang:

- Mas kkaunti kaysa sa 750 empleyadong full-time equivalent (“FTE”)[1];
- Magkaroon ng mabuting katayuan sa NJ Department of Labor and Workforce Development (Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad ng Puwersa ng Paggawa) at NJ Department of Environmental Protection (Kagawaran ng Proteksyon sa Kapaligiran);

[1] Depinisyon ng Full-Time Equivalent (FTE): Isang full-time na empleyado na may hindi bababa sa 40 oras ng trabaho kada linggo, o pinagsamang 40 oras ng trabaho ng part-time o seasonal na empleyado kada linggo. Kabilang sa kabuuang bilang ng mga empleyado ang mga full-time equivalent employee (mga FTE) ng negosyo, pati na rin ang mga FTE ng mga kaakibat nito, na naka-round sa pinakamalapit na whole number.

- May balidong sertipiko ng clearance sa buwis ng New Jersey na hindi lalampas ng 180 araw sa panahon ng pag-apruba para sa pagpipinansya;
- Nakabase sa New Jersey;
- Naghahangad na mapinansyahan ang proyekto ng malinis na enerhiya (tingnan ang "Mga Detalye Hinggil sa Programa" sa itaas);
- Gamitin ang teknolohiya ng malinis na enerhiya na ipinakita na[2] sa Estados Unidos o sa ibang bansa;
- Maging posible sa ekonomiya; gaya ng ipinapakita ng realistiko at mapapanatiling modelo ng negosyo. Ang isang mapapanatiling modelo ay lilikha at magpapanatili ng mga bagong empleyado bilang pangmatagalan o permanente gaya ng inaasahan, at ang hiniling na halaga ng loan, kasama ng iba pang utang at equity investment, mga insentibong pera at iba pang mga pinagmumulan ng pagpopondo, ay sapat upang maisakatuparan ang nakasaad ng layunin ng proyekto.
- Humiling ng kabuuang minimum ng loan na $500,000 hanggang $20 milyon na maximum para sa proyekto. Kabilang dito ang bahagi ng NJEDA at ang bahagi ng pribadong pagpipinansya.
- Humihiling ng 50% o mas mababa pa ng kabuuang halaga ng loan mula sa NJEDA ($250,000-$10 milyon); at
- Hindi naka-enrol sa anumang iba pang programa ng SSBCI.

Kailangan ding magbigay ang mga aplikanta ng term sheet (o liham ng layunin, draft na kasunduan, liham ng pangako, o katulad na dokumento) mula sa pinansyal na institusyon na:

- Nasa listahan ng NJEDA Premier Lender or listahan ng CDFI Premier Lender ng NJEDA; o
- Isang pribadong equity fund, bangko, pondo ng pensyon, kumpanya ng insurance, hedge fund, mezzanine fund, orihinal na tagamanupaktura ng kagamitan (OEM), developer, opisina ng pamilya, may espesyalidad na kumpanyang nagpipinansya, o iba pang naturang entidad na nagpasimula, nagpanatili, at nagserbisyo ng mahigit $5 milyon sa mga loan para sa malinis na enerhiya ng mahigit tatlong taon.

Kabilang sa mga pamantayan sa pag-score ng NJ CEL ang:

- Gagawa ng direktang pagtantiya ng trabaho, na depende sa halaga sa dolyar ng pinagsama-samang pagpapautang;
- Lakas ng pangkat ng tagapamahala at mga kasosyong entidad;
- Mga kapakinabangan sa mga lubos na naghihirap na komunidad;
- Pagiging Negosyong Sertipikadong Pag-aari ng Minorya, Kababaihan, at/o Beterano sa NJ;

[2] Ang "ipinakita" ay nangangahulugan, na sa pinakamababa, naberipika ang prototype sa pagpapatakbo sa kapaligiran sa Estados Unidos man o sa ibang bansa.

- Kasalukuyang bilang ng mga empleyado sa panahon ng aplikasyon;
- Pinagsama-samang pangunahing halaga ng proyekto; at
- Paunang bahagdan ng pribadong pagpipinansya kumpara sa mga pondo ng NJEDA para sa iminumungkahing proyekto.

Ang buong pamantayan sa pagbibigay ng score at ang mga makukuhang puntos ay maaaring makita rito: https://www.njeda.com/wp-content/uploads/2023/03/Scoring-Criteria_3.6.2023.pdf

Ang mga nalikom sa loan ay maaari lamang gamitin para sa mga layunin ng negosyo lamang, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga gastos sa pagsisimula; ginagamit na kapital; pagkuha ng kagamitan, imbentaryo, o mga serbisyong ginamit sa produksyon, pagmamanupaktura, o paghahatid ng mga kagamitan o serbisyo ng negosyo; o ang pagbili, konstruksyon, renobasyon, o pagpapabuti ng nangungupahan sa karapat-dapat na lugar ng negosyo na hindi para sa mga layunin ng hindi aktibong pamumuhunan sa real estate.

Ang anuman at lahat ng kontrata sa konstruksyon na iginawad ng NJ na nangangailangan ng pagbabayad ng nananaig na sahod ay kailangang magbigay ng katibayan ng balidong Construction Contractor Registration Certification (Sertipikadyon ng Pagpaparehistro ng Kontratista sa Konstruksyon). Maaaring sumailalim ang konstruksyon sa mga iniaatas ng Pederal na Pamahalaan at/o Pamahalaan ng Estado para sa kapaligiran kabilang ang, ngunit hindi limitado sa National Environmental Protection Act (Batas sa Pagprotekta ng Kapaligiran sa Bansa) at Ehekutibong Utos ng New Jersey 215 (Kean).

Sa kabila ng nasa itaas, hindi maaaring gamitin ang mga pondo para:

- Sa mga partikular na limitadong eksepsyon, kumuha o humawak ng mga hindi aktibong pamumuhunan sa real estate tulad ng kapag ang mga nalikom sa loan ay ginamit upang mamuhunan sa real estate na pangunahing nakuha at hinahawakan para ibenta, paupahan, o ipamuhunan;
- Bayaran ang mga delingkuwenteng pederal o pang-estadong buwis sa kita;
- Bayaran ang mga buwis na nasa trust o escrow (hal., suweldo o mga buwis sa pagbebenta);
- I-reimburse ang mga pondong pagkakautang sa sinumang may-ari, kabilang ang anumang equity investment o investment ng kapital para sa pagpapatuloy ng negosyo;
- Pagbili ng anumang bahagi ng interes sa pagmamay-ari ng sinumang may-ari ng negosyo, maliban sa pagbili ng interes sa plano ng pagmamay-ari sa stock ng empleyado na kuwalipikado sa ilalim ng seksyon 401 ng Internal Revenue Code, kooperatiba ng manggagawa, o kaugnay na paraan, sa kondisyon na ang transaksyon ay magreresulta sa plano ng pagmamay-ari ng stock ng empleyado o iba ang entidad na pag-aari ng empleyado na may hawak ng pinakamalaking interes (sa ganap na naka-dilute na batayan) sa negosyo; o

- Suportahan ang negosyo sa ilegal na aktibidad, pyramid scheme, o anumang hindi etikal na negosyo.

Mga Tuntunin at Antas ng Loan

Pipinansyahan lamang ng NJEDA ang hanggang 50% ng pangkalahatang halaga ng loan para sa proyekto. Hindi bababa sa kalahati ng kabuuang loan para sa proyekto ang kailangang mapinansyahan ng isa o higit pang mga pinansyal na institusyon na tumutugon sa mga pamantayang nakalista sa itaas.

Mga tuntunin sa loan ng NJEDA:

- Sa pagitan ng $250,000 at $10 milyon (para sa mga proyektong may kabuuang halaga ng loan na $500,000-$20 milyon)
- Para sa mga termino sa pagitan ng 1 at 25 taon
- Antas ng interes: 3% na mababa sa antas sa pinansyal na institusyon
- May seguridad, ngunit hindi pinangungunahan ang pribadong tagapagpautang pagdating sa kolateral:

Mga espesyal na tuntunin: Ang mga negosyong pag-aari ng minoridad, kababaihan, o beterano, pati na rin ang mga negosyo na ang mga proyekto ay matatagpuan sa mga lubos na naghihirap na komunidad, ay karapat-dapat para sa:

- Karagdagang 1% antas ng interes na pagbawas sa bawat isa; at

- 10% na pagpapatawad sa loan, kung nagresulta ang proyekto sa hindi bababa sa 1 trabahong nilikha para sa bawat $100,000 na pinagsama-samamg pagpapautang para sa proyeto sa katapusan ng tuntunin ng loan o pagkatapos ng 5 taon, alinman ang mauuna.

Proseso ng Aplikasyon:

Bubuksan ang mga aplikasyon para sa mga NJ CEL sa **10:00 AM Eastern** sa **Miyerkules, Abril 19, 2023**. Sa oras na maging live, maa-access ang aplikasyon sa https://www.njeda.com/njcels/.

Patuloy na pag-aaralan ng Authority ang mga nakompletong aplikasyon. Beberipikahin ng mga kawani ng NJEDA ang mga pangunahing pamantayan sa pagiging karapat-dapat, kabilang ang pagtugon sa mga minimum na kinakailangan ng SSBCI, at magsasagawa ng pangkalahatang ebalwasyon gamit ang mga may pamantayang pag-score. Maaari ring hilingin ng NJEDA ang mga natuklasan mula sa underwriting ng pinansyal na institusyon, kabilang ang pagsusurii sa

kakayahang magbayad (kredito). Ang mga aplikanteng nagsumite ng mga hindi kumpletong aplikasyon ay bibigyan ng pagkakataong isumite ang kulang na impormasyon sa loob ng sampung araw ng negosyo.

Mga Singil:

Papatawan ng NJEDA ang mga aplikante ng mga sumusunod na singil:

- Singil sa aplikasyon: hindi mare-refund na $1,000 na singil sa pag-apply sa mga NJ CEL
- Commitment fee: hindi mare-refund na singil na 0.875% ng halaga ng loan na babayaran bago ilabas ng NJEDA ang liham ng pangako (commitment letter)
- Nabayarang closing fee na 0.875% ng halaga ng loan (hindi mare-refund):
    - sa panahon ng closing sa mga kaso kung saan sinisimulan ng NJEDA ang kasamang loan; o
    - sa panahon na bumili ang NJEDA ng pakikibahagi sa loan na sinimulan ng pinansyal na institusyon.

Karagdagang Impormasyon:

Matatagpuan ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga NJ CEL sa https://www.njeda.com/njcels/.

Ang mga tanong tungkol sa Abiso sa Pagkakaroon ng Pagpopondo ay dapat isumite sa pamamagitan ng email sa njcels@njeda.com.